Mga Taga-navigate ng Pasyente

Kapag pumunta ka sa Fred Hutchinson Cancer Center upang magpagamot, nandito kami hindi lang para gamutin ang iyong sakit pero para tiyakin ding nasusuportahan ka sa buong panahon ng pangangalaga sa iyo. Ang mga taga-navigate ng pasyente sa klinika ay makakatulong sa iyo at sa iyong pamilya upang “mag-navigate” sa Fred Hutch at makakapagbigay ng mga resource sa komunidad anumang oras.

Maraming larangan ng iyong buhay ang naaapektuhan ng kanser, kabilang na ang pananalapi, pagtatrabaho, mga relasyon, at mga pang-araw-araw na gawain. Ang mga taga-navigate ng pasyente ay kawanihang may malasakit sa kultura na nandito para gabayan ka sa buong pananatili mo sa Fred Hutch, upang maka-focus ka sa pangangalaga sa iyong sarili. Tumutulong sila sa mga alalahanin sa transportasyon at panununluyan, pinansiyal at insurance na kaugnay ng pagpapagamot, co-pay o hatian ng bayad sa gamot at iba pang praktikal na isyu kapag humaharap sa diagnosis ng kanser ang mga tao. Inaalam ng mga taga-navigate ng pasyente ang mga lokal at pambansang resource na makakatugon sa mga pangangailangang ito habang nagbibigay ng impormasyon at emosyonal na suporta.

Paano Ka Namin Masusuportahan

Kapag nakipag-ugnayan ka sa aming team, kakausapin ka namin upang alamin ang iyong mga pangangailangan at maiugnay ka sa mga pansuportang resource. Libre ang serbisyo para sa mga pasyente, pamilya, at tagapag-alaga.

Nagbibigay kami ng:

- Praktikal na tulong gaya ng mga serbisyo sa transportasyon, panununluyan, at panlipunan
- Paraan para mapag-ugnay ang mga kultura upang tulungan kang makipag-usap sa iyong mga provider
- Tulong para makahanap ng mga tagasuportang grupo, klase, at iba pang programa
- Mga resource na lulutas sa mga alalahaning pinansiyal, kaugnay ng trabaho at insurance
- Patnubay sa pag-navigate sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan, at marami pang iba